# ANG KAGAWARAN NG KATARUNGAN NG U.S.
# TANGGAPAN NG KATARUNGANG PANGKAPALIGIRAN

## BALANGHAY NG ESTRATEHIKONG PLANO NG KATARUNGANG PANGKAPALIGIRAN

## PANGKALAHATANG-IDEYA

Ayon sa ipinag-utos ng Ehekutibong Kautusan 14096, “Pagpapasigla sa Pangako ng Ating Bansa sa Katarungang Pangkapaligiran para sa Lahat,” ang U.S. Department of Justice (DOJ- Kagawaran ng Katarungan) ay kinakailangang maglathala ng Environmental Justice Strategic Plan (ang “Plan” - Estratehikong Plano ng Katarungang Pangkapaligiran) na nagbabalangkas sa pananaw, mga layunin, mga prayoridad na aksyon, at mga sukatan nito upang tugunan at isulong ang katarungang pangkapaligiran. Ang Plan ay dapat na mai-post online at isinumite sa Konseho ng Kalidad Pangkapaligiran, isang dibisyon ng Ehekutibong Tanggapan ng Presidente, bago sumapit ang Oktubre 2024.

Nagtukoy ang DOJ ng apat na mga balanghay ng layunin na may kaugnayan sa mga hangarin na ibinuod sa ibaba:

**Layunin 1: I-prioritize ang mga kaso at estratehikong gamitin ang mga legal na kagamitan ng Kagawaran.**

a. I-prioritize ang mga kaso na magbabawas sa pinsalang pangkalusugan at pangkapaligiran ng publiko
b. Gamitin ang buong hanay ng mga remedyo na magagamit sa ilalim ng batas

**Layunin 2: Makahulugang makipag-ugnayan sa mga apektadong komunidad at palawakin ang mga pagsisikap na maipabatid ang mga pagsisikap sa katarungang pangkapaligiran.**

a. Subaybayan ang progreso ng DOJ sa pamamagitan ng dagdag na pag-uulat
b. Paramihin ang outreach sa komunidad, partisipasyon ng publiko, at dadgdagan ang kamalayan ng DOJ at ang kaniyang mga inisyatiba sa katarungang pangkapaligiran

**Layunin 3: Dagdagan ang edukasyon at pakikipagtulungan sa loob at labas ng DOJ.**

a. Patuloy na magbuo ng pagsasanay na nauugnay sa EJ para sa mga kawani ng DOJ
b. Palawakin ang mga pagsisikap na makipagtulungan sa mga pederal, estado, lokal, Tribal, at teritoryo na mga kapartner

**Layunin 4: Suriin at tasahin ang mga pagsisikap sa adaptasyon sa klima ng katarungang pangkapaligiran ng DOJ, kabilang ang pamamahala nito sa pagkuha at real property.**

a. Tiyaking isinasaalang-alang ng DOJ ang katarungang pangkapaligiran sa pamamahala at operasyon ng ahensya

## Mga Oportunidad sa Pampublikong Komento

Hinihingi ng DOJ ang iyong kasagutan sa ilang mga katanungan.

1. Anong mga karagdagang layunin at hangarin ang dapat isaalang-alang ng DOJ sa Plan nito?
2. Paano mapapabuti ng DOJ ang mga pagsisikap nito sa outreach at pakikipag-ugnayan sa mga komunidad tungkol sa katarungang pangkapaligiran?
3. Anong impormasyon at mapagkukunan ang dapat ibigay ng DOJ sa mga komunidad upang magbigay linaw sa mga pagsisikap nito sa katarungang pangkapaligiran?
4. Anong mga paksa at pagsasaalang-alang ang dapat isama ng DOJ para sa pagsasanay ng mga kawani sa katarungang pangkapaligiran?
5. Anong mga organisasyon sa iyong lugar ang dapat idagdag ng DOJ sa listserv nito ng katarungang pangkapaligiran?

Ang lahat ng mga nakasulat na komento ay dapat na isumite o naka-postmark ng **Lunes, Hulyo 22, 2024**.

Ang mga komento ay maaring isumite sa mga sumusunod na paraan:

| | |
|---|---|
| Online survey | www.justice.gov/oej |
| E-mail | oej@usdoj.gov |
| Koreo | Office of Environmental Justice<br>U.S. DOJ – ENRD<br>P.O. Box 7611<br>Washington, D.C. 20044-7611 |

Ang DOJ ay isang ahensyang pederal na nakatuon sa pagtataguyod ng panuntunan ng batas, pagpapanatili ng kaligtasan ng ating bansa, at pagpoprotekta sa mga karapatang sibil. Para matuto ng higit, bisitahin ang www.justice.gov.